


Valley Transportation Authority

# *TALAAN NG IMPORMASYON:* ***Real Estate***

## Pagpapaunlad na Nakatuon sa Transit sa Istasyon ng Tamien

### Pangkalahatang Ideya

Nakipagtuwang ang VTA sa developer na, **UrbanCo-Tamien LLC**, isang pakikipagtuwang sa pagitan ng Urban at CORE Development, upang paunlarin ang 6.96 ektaryang pag-aari na matatagpuan malapit sa Tamien VTA Light Rail at sa mga istasyon ng Caltrain.



Ang site na ito ay nasa silangan ng Highway 87, sa pagitan ng pamayanan ng Willow Glen at Alma, mga sampung bloke mula sa downtown ng San Jose. Ang UrbanCo-Tamien LLC ay magtatayo ng 555 (135 unit ng abot-kayang halagang pabahay at 420 unit ng bahay na nasa presyo ng merkado) komunidad ng residensyal sa silangang bahagi ng propyedad.

Nagsimula na ang pagtatayo para sa Phase 1, na 135 na abot-kayang halagang unit. Kasama dito ang 3000 talampakan kuwadradong ground floor (pantay-kalsada) para sa itatayong day-care center. Ang Phase 2 at 3, na magtatayo ng mga apartment na nasa presyo ng merkado, ay magaganap sa kalaunan.

### Pagpapaunlad na Nakatuon sa Transit

Ang Transit-Oriented Development (TOD) ng VTA ay nakikipagtulungan sa Munisipyo at mga pribadong katuwang upang pasiglahin ang pagpapaunlad ng pabahay, tindahan, at mga sentro ng trabaho sa mga lugar na makakatulong na sa pagdami ng sumasakay sa transit na siya namang makakadagdag sa sigla ng komunidad. Kasama sa mga kinakailangan sa TOD ng VTA, ay dapat na abot-kaya ang halaga ng 25% ng pabahay sa partikular na site.

### Mga Layunin

- Pataasin ang magkahalo ang gamit na pagpapaunlad, kabilang na ang mga opurtunidad para sa abot-kayang halagang pabahay na malapit sa transportasyon
- Maglaan ng mga oportunidad ng trabaho malapit sa transit
- Pataasin ang daloy ng pangmatagalang kita para sa mga operasyon ng transit

### Mga Resulta

- Maluwag daloy ng trapiko
- Mas malinis na hangin
- Mas abot-kayang halaga ng pabahay
- Mga pabahay at trabahong malapit sa mga sentro ng transit
- Pagdami ng mga sumasakay sa pampublikong transit

### Mga Pakinabang ng Pagpapaunlad na Nakatuon sa Transit

- Mga Pakinabang sa Kapaligiran at Pampublikong Kalusugan
- Pabababain ang Pagiging Umaasa sa Sasakyan — ang mga residente sa TOD ay may mas kakaunting pangangailangan sa paradahan
- Matutugunan ang Pangangailangan sa Pabahay — Nakakatulong upang matugunan ang mga krisis sa panrehiyong pabahay
- Pagiging Nakikipagsabayang Pang-ekonomiya — ang mga lokasyon ng TOD ay kaakit-akit sa mga employer
- Mga Pakinabang sa Pamayanan at sa Piskal – nakakagawa ang TOD ng malaking katipiran sa sambahayan (ang mga taong nakatira malapit sa transit ay gumugugol ng mas kaunti sa mga gastos sa transportasyon)

### Iskedyul ng Proyekto/Pagpapaunlad

| | |
|---|---|
| Pagpapaunlad ng Proyekto | 2016-2019 |
| Pagpapaunlad ng Pag-aaral sa Pag-access sa Istasyon | 2019-2020 |
| Pagpapaunlad ng Plano | 2020-2023 |
| Konstruksyon | 2023-2025 |

### Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

Para sa higit na impormasyon tungkol sa proyektong ito, mangyaring bisitahin ang Community Outreach ng VTA sa (408) 321-2330, o mag-. Maaari mo rin kaming bisitahin sa web sa ***vta.org/tamiendevelopment*** o mag-email sa amin sa ***community.outreach@vta.org***